

# 1

Twenty-five minutes before six o'clock PM.

Tahimik na halos ang bayan ng Cadiz Viejo at nagsisimula nang magtipon ang mga mag-anak sa sala ng mga bahay nila para tutukan ang paboritong balita mula sa radyo at telebisyon.

*“Three-time world champion, Filipino Formula 1 racing driver Yvo Theo Verances suffered a mild crash yesterday afternoon,”* huling anunsyo ng news anchor na kasabay ipinakita ang video clip kung saan bahagyang nayupi ang unahan ng F1 car at ang paglilipat sa driver niyon sa stretcher papasok ng ambulansya, bago umitim ang screen ng T.V. nang tumama roon ang malaking Malaysian vase na inihagis ng huklubang kapatid ng amo ni Aihla.

Napatili ang dalaga sa pagsulak ng matinding kaba sa kanyang dibdib. “Jin, pag-usapan natin ’to. Hindi ikaw ’to. Galit ka lang, frustrated...” Patuloy siyang humakbang paatras, pasulyap-sulyap sa malaking bintana kada limang segundo, umaasang may taong maligaw sa labas ng bahay na tila isang kilometro ang layo sa ibang kabahayang nasa bayan ng Cadiz Viejo. Hindi kalaparan ang sala kaya isang

haklit lang siya ni Jin kapag nagkataon.

Si Aihla ay yaya ng malditang anak ng Ate Jiri ni Jin. Si Jin na obsessed sa kanya. He would always insist himself on her. Maayos naman niya itong tinatanggihan pero imbis na mawalan ng gana sa kanya, he wound up liking her more. Hindi lang ito makatiyempong masolo siya, pero kaninang hapon ay umalis ang mag-inang Jiri at Hailey kaya mag-isa lang siya sa bahay nang dumating si Jin. Wala rin ang Nanay Yunida niya dahil namalengke ito bilang ito ang kusinera sa bahay na iyon.

“No!” sigaw ni Jin. He caught her left hand and twisted her tiny wrist. Napaigik siya sa sakit at bumadha ang hindi matatawarang takot sa maganda niyang mukha. “Gusto kita. Matagal na! Hindi ko na matatanggap ang pambabalewala mo sa akin!” Nagngangalit ang mga bagang ni Jin at nag-aapoy ang mga mata nito. He grabbed the back of her head and ran his tongue against her skin, kissing her jawline voraciously, assaulting her body with his brutal touch.

Sumigaw si Aihla. Gusto na niyang masuka at maiyak. Pilit niyang itinutulak si Jin palayo pero malakas ang binata. He managed to trap both her knees between his legs and clipped her hands behind

her back. Nauubusan na siya ng lakas sa kakapiglas. Wala siyang laban sa mapangahas na lalaki.

“Give in. Ako ang bahala sa ’yo. Pakakasalan naman kita. Imbitahan pa natin ang mga kaibigan kong duwende sa likod-bahay.” Itinulak siya nito paupo sa silya at hinila ang kanyang buhok. Halos mabali na ang leeg ni Aihla sa walang ingat na paghatak ni Jin sa kanyang ulo para mahalikan siya sa labi.

“Nababaliw ka na, Jin!” May sayad talaga ito. Isang manyakis na may sayad. Nakakakita ito ng kung anu-anong mga bagay na tanging ito lang ang nakakakita. Nahuli niya rin ito minsan na gumamit ng ipinagbabawal na gamot.

Ngumisi ito na parang nauulol na aso habang patuloy pa ring hinahagilap ang mga labi niya. “Wala akong diperensya, Aihla!”

“Jin, parang awa mo na—“

“Halikan mo ako!” galit nitong sigaw nang hindi mahuli ang mga labi niya.

“Mamamatay muna ako nang sampung ulit bago kita halikan!” sikmat niya sa lalaki at lalong kinilabutan nang masilip ang crack at tinga sa ngipin nito. Mapupudpod muna ang nguso niya bago niya

gawin ang gusto nito.

Ngumisi si Jin. “Okay, that’s fine. May ibang parte pa naman ng katawan mo ang puwedeng halikan.” Gumala ang malisyosong tingin nito sa ibabang parte ng katawan niya. “Gabi-gabi kitang inaangkin sa mga panaginip at pantasya ko. I’ll make sure this time it’s going to be real.”

Kinilabutan ang dalaga. Pakiramdam niya ay nahubaran na siya ni Jin sa utak nito. “Hindi,” nguyngoy niya nang hawakan nito ang waistband ng pantalon niya. Hindi puwedeng mawarak ang iniingatan niyang dangal. Hindi siya papayag! Inipon niya ang natitirang lakas sa katawan at ubod-lakas na tinuhod ang lalaki.

He squeaked and dropped to the floor. Sapu-sapo nito ang pagitan ng mga hita, umaaringking sa sakit habang nagmumura nang malakas. “Puñeta kang babae ka! Ipapahabol kita sa mga wakwak!”

Sinamantala ni Aihla ang pagkakataong iyon na makatakas. Tumakbo siya palabas hanggang sa marating niya ang kalsada. Hindi siya huminto minsan man kahit na nangangatog ang mga tuhod niya sa pinaghalong takot at pagod.

Sinalubong siya ng malamig na dapyo ng

hangin. Alam niyang malapit na siya sa tabing-dagat. Namataan niya ang de-motor na bangka sa di-kalayuan kaya tinodo na niya ang pagtakbo. Sumampa siya sa bangkang may lamang pagkarami-raming supplies ng soft drinks at canned beverages na natatakpan ng itim na tela. Sumuot siya sa pinakailalim at maiging ikinubli ang sarili. She would not lose her virginity tonight! Especially not to that demented asshole!

---

Eleven years na siyang nag-aalaga ng mga batang pasaway at sobrang spoiled. Labing-apat na taong gulang lang si Aihla nang mamasukan bilang kusinera ang nanay niya sa pamilya ng mga desperadong mang-aawit. Dahil single mother ay napilitan itong isama siya sa malaking bahay ng pamilya Mahindik. Siya na ang tumayong youngest yaya ni Princess na bunsong anak ng mag-asawang Aristotle at Cleopatra.

Kahit na spoiled brat ay nahuli naman niya ang kiliti ni Princess kaya naging paborito siya nito. Okay na sana sila sa pamilya Mahindik kaso kinailangan nilang umalis dahil tutungong Amerika ang buong pamilya.

Magmula noon ay palipat-lipat na sila ng lugar. Kung saan-saan na nagtrabaho bilang kusinera ang nanay niya. Sa kabila ng hindi stable nilang

sitwasyon sa buhay ay nagawa niyang pagsabayin ang pagtatrabaho at pag-aaral. Tapos na ni Aihla ang kursong AB in LIACOM major in Communication and Marketing nang magkaroon ng karelasyon ang nanay niya na isang fish vendor. Mapang-abuso ito at nananakit. Noong una ay nagpipigil lang siya para sa ina niyang si Yunida, pero nang gawin nitong punching bag ang nanay niya ay sumabog na siya at pinalo ng bote sa ulo ang hudas.

Tumakas sila ng kanyang ina. Mula Mindanao ay napadpad sila sa bayan ng Cadiz Viejo dahil doon unang nakahanap ng mapapasukan ang nanay niya na isinuhestyon lang dito ng isang kakilala. Pareho pa rin ang setup. Kusinera ito, siya naman ay yaya. Stay-in, at wala silang poproblemahin sa pagkain.

Kahit na atat siyang makahanap ng ibang trabaho kung saan magagamit niya ang napag-aralan ay nakontento na muna si Aihla lalo na at nangangapa pa silang mag-ina. Hindi sila pamilyar sa lugar at wala pang mga kakilala. Kapag maayos na ang lahat ay itutuloy niya ang paghahanap ng mas maayos na trabaho.

Puwede nang hiranging awardee for best yaya category si Aihla sa dami ng batang dumaan sa kanya. Ang huli nga at ika-twenty-fourth brat na inalagaan

niya ay si Hailey na sa malas ay may tiyuhing kabigote ni Hitler na patay na patay sa kanya. Suko siya sa lahi ng magtiyo. Halimaw si Jin, tiyanak naman ang pamangkin na wala nang alam gawin kundi ang gumawa ng kapilyahan.

Hampas ng tubig sa katawan ng de-motor na bangka na sinundan ng marahang pag-uga ng sasakyang pandagat ang pumutol sa paglalayag ng nahihimbing na diwa ni Aihla. Hindi niya namalayang nakatulog pala siya at inabot na ng umaga.

Huminga siya nang malalim, dahan-dahang gumapang at sumilip sa labas. Napasinghap siya nang masilayan ang napakagandang isla na pinalilibutan ng malinaw na tubig-dagat. Pinung-pino ang puting buhangin na kumikislap sa tama ng pang-umagang araw.

Sa gitna ay grandiyosong mansion. Dalawang palapag, dark brown ang bubong at mapusyaw na tsokolate ang pader. Naglalakihan ang mga bintana sa unang palapag at may napakagandang porte cochere. Tila pininta ng magaling na pintor sa likod ng bughaw na kalawakan ang kumpol ng puting mga ulap sa ibabaw ng mansion at mga grupo ng ibong lumilipad sa mapayapang kalangitan.

Nagtatayugan ang mga puno sa likurang bahagi

ng isla at sa harapan ay may sampung umbrella huts. May wooden bridge din sa kanang dulo na nagsisilbing tulay papuntang floating platform. Tingin niya ay pribado ang islang iyon.

“Hoy, sino ka? Ano’ng ginagawa mo riyang?” tapik sa kanya ng isang estranghero.

Namutla siya. “Ah, ano, Manong kasi...” Long-sleeves, kupasing pantalon na nirolyo ang dulo hanggang tuhod, at gomang tsinelas—mangingisda ang matandang nangungunot ang noo habang nakatitig sa kanya ngayon. “Ako ang bagong yaya rito,” palusot niya kasama ang mataimtim na dalanging sana ay may bata sa loob ng magarang mansion.

“Bagong yaya?”

“Oo, Manong. Ano kasi, pinasundo nila ako sa ’yo kahapon kaso hindi agad tayo nagkita, kaya minabuti ko nang matulog na sa bangka. Ang layo pa kasi ng biniyahe ko. Galing pa akong Mindanao.”

Dumami lalo ang gatla sa noo ng matanda. “Walang pinasusundo sa akin si Señor.”

“H-ha? Ah, ano... kasi...”

“At nasaan na ang mga gamit mo?”



“H-ho?” *Mag-isip ka, Aihla.* “N-ninakaw po. Naka...” Tumikhim siya. “Nakatulog kasi ako sa bus. Paggising ko, wala na ang maleta ko.”

“Naku! Que malas na bata!” bulalas nito.

“Ano’ng nangyayari rito, Sebastian?” singit ng isang buong-buo at makapal na boses na nagpalingon sa kanila ng matandang kausap.

## 2

“Señor Miguel, magandang araw po! Naku, kasi itong batang ’to ay biglaan na lang sumulpot dito sa bangka ko. Siya daw ang bagong yaya,” paliwanag ng matandang si Sebastian sa bagong dating. “Nadali ng magnanakaw ang maleta niya.”

“Gan’un ba?” Binalingan siya ng may-edad na ginoo na sa kabila ng edad ay matikas pa rin ang tindig at halatang mayaman. Malaking tao ito at nababalot sa mamahaling damit ang katawan. May suot itong itim na fedora hat at may tangang tobacco pipe. Mestisuhin ang ginoo at halatang ang gandang lalaki noong kabataan nito. “Sige na, Sebastian, ako na ang bahala rito. Dalhin mo na ang mga supplies sa loob.”

Tumalima kaagad ang matanda.

Napalunok si Aihla at lalong nawalan ng kulay ang mukha. *Patay kang Aihla ka!* Ang aga namang sumalubong ng may-ari ng isla. Kung naiba-iba lang ang lugar, pihadong tumakbo na siya kanina pa. Ang kaso, hindi siya marunong lumangoy at dalawang beses na siyang kamuntik-muntikang malunod sa dalawampu’t limang taon niya sa mundong ibabaw.

Huminga siya nang malalim. Magsasabi na siya nang totoo kaysa naman ipakain siya sa pating ng Señor Miguel na ito. “Uhm... Señor—”

“Ikaw ba si Adeng? I was expecting a woman in late forties.” Huminto sa paghinga si Aihla nang suyurin siya ni Miguel ng tingin. “And maybe a little less attractive.” Nagkibit-balikat ito. “Napaaga ang dating mo, hija. Hindi ako naabisuhan ng aking kumpadre na nagrekomenda sa ’yo. Mabuti na rin sigurong nandito ka na para maasikaso ko na ang negosyo namin sa Maynila.” Iminuwestra ni Miguel ang daan patungong mansion. “Totoo bang ninakaw ang mga gamit mo?”

“O-opo.”

“Dapat ay nag-iingat ka. Naglipana na ang mga manloloko at mga kawatan ngayon. Huwag kang mag-alala at kami na ang bahala sa mga kakailanganin mo rito sa isla.”

“Salamat po.” Sa loob-loob ay nasapol siya sa sinabi nito dahil siya rin ay isang dakilang manloloko sa ginagawa niyang pagpapanggap ngayon.

Ngumiti lang ang matanda. “Halika, pasok ka at nang makilala mo na ang unico hijo ko. Babalaan na kita, Adeng, medyo matigas ang ulo ng aking anak,

stubborn, at madalas na nagta-tantrums. Ikaw na ang bahalang umintindi at magpasensya sa kanya. Kagagaling niya lang sa isang mild accident, thank God all the x-rays and lab results came out just fine, but he's having a little problem with his left leg. Nagti-therapy naman siya."

"H-hindi makapaglakad ang anak n'yo?"

"He can walk, but a few twist and flex can be very painful for him."

Tumango si Aihla. Hindi siya makapaniwala sa itinakbo ng mga pangyayari. Sa humigit-kumulang 103,796,832 na populasyon ng tao sa Pilipinas at sa lawak ng bansa ay napadpad siya sa pamilyang may inaabangang yaya na saktung-sakto sa inimbento niyang kuwento. Ang suwerte niya lang. Saka na niya poproblemahin ang totoong yaya ng kawawang bata na marahil ay napabayaang dating yaya kaya naaksidente. Hindi naman siya magtatagal sa islang iyon gaano man kaganda ang lugar. Kung tutuusin ay labag sa loob niya ang pagsisinungaling. Had there been any other options, hinding-hindi siya papasok sa sitwasyong iyon. Kailangang-kailangan lang talaga.

Naalala ni Aihla ang kanyang ina. Wala pa itong kaalam-alam sa mga nangyari sa kanya. Tiyak na nag-aalala na ito dahil hindi pa siya umuuwi.

Gustung-gusto niya itong tawagan o i-text man lang, pero natitiyak niyang nakabantay si Jin. Saka na niya ito tatawagan para sabihin ang sitwasyon niya. Tumingala siya sa kalangitan.

*Lord, sorry po sa pagpapanggap ko. Sana maintindihan N'yo po kung bakit ko ginagawa 'to. Kayo na po muna'ng bahala sa nanay ko. Huwag po sana Ninyo siyang pababayaan.*

---

“This is the family room. Dito na lang natin hintayin ang anak ko. Please, have a seat.” Iminosyon ni Miguel ang kulay tsokolateng silya. “Lima lang kami rito. Ako, ang anak ko, si Melba, at dalawang katulong. Si Sebastian naman ay kada Lunes lang pumaparito para maghatid ng supplies. Ang ibang empleyado ay ipinapatawag lang kung kakailanganin dito sa isla.”

Wala sa loob na naupo si Aihla. Hindi maitago ng mukha niya ang paghanga sa lugar. Lahat ay mamahalin mula sa floor carpet, sa round center table na pinatungan ng hindi basta-basta na vase kung saan nakasilid ang naggagandahang orkidyas, sa sofa na puno ng malalambot na throw pillows, mga paintings sa pader at napakalaking wall mounted TV.

“Melba, pakisundo nga si Yvo sa kuwarto niya. Nandito na ang magiging yaya niya,” utos ni Miguel sa mayordoma na buong galang na nagyuko ng ulo matapos tumango.

“Can you tell me more about yourself, Adeng?” anang ginoo nang maiwan silang dalawa.

Napakurap-kurap si Aihla. Pakiramdam niya ay nag-full tilt ang tibok ng puso niya dahil sa nerbyos. She had to swallow repeatedly, kung hindi ay magbubuhul-buhol ang kanyang lalamunan. Ito na nga ba ang parusa sa mga taong sinungaling.

*Dahil sinungaling ka, puwes, panindigan mo iyan!* sikmat sa kanya ng isang bahagi ng kanyang pagkatao.

“M-marami na akong inalagaang bata. Forte ko po iyong mga batang pasaway at pilyo. Mahaba po kasi ang pasensya ko at hindi ako sumusuko nang basta-basta lang. May spare energy bat ako sa katawan. Nabanggit n’yo nga ho kaninang matigas ang ulo ng anak n’yo, stubborn at madalas mag-tantrums. Huwag po kayong mag-alala, ako na po ang bahala. Maliit na bagay lang iyan.”

Natuwa si Miguel sa mga sinabi niya. His eyes hovered on her face. Parang may inaarok itong kung

ano sa mukha niya. Maliban naman sa ubod ng liit na nunal sa tuktok ng matangos niyang ilong ay wala na itong makikitang marka. Bakit kaya titig na titig ito sa kanya?

Mabibigat na yabag mula sa grand staircase ang umagaw sa atensyon ng matikas na matanda na ipinagpapasalamat niya dahil naiilang na siya.

“Finally, he’s here,” anunsyo ni Miguel.

“Sino po?” maang niyang tanong.

“My son, Yvo.”

# 3

Sinundan ni Aihla ang direksyong tinitingnan ni Miguel. Sa huling baitang ng hagdanan ay nahagip niya ang pinakamaganda at pinakamalinis na mga daliri sa paa na nagpanganga sa kanya. Those feet should be the finest feet on earth! Huminto ang lahat kasabay ng pag-awang ng bibig niya nang dumako ang kanyang mga mata sa mukha ng pababang binata.

Mariin niyang nakagat ang labi. Coal black hair, a sharp nose, scrumptious lips pressed tight into a thin line, and enigmatic eyes that had strangely focused on her innocent face particularly on her lower lip. Hindi nito inaalís ang mga mata sa kanya habang palapit ito nang palapit. Hindi rin naman niya mabawi ang pagkakatitig sa lalaki. May binuhay ito sa katawan niya.

Something bold, powerful, and primal.

Something that was not there before.

Napasinghap siya nang huminto ito sa kanyang harapan. Ang laking tao nito! Matangkad na si Señor Miguel sa taas na tingin niya ay umabot ng anim na talampakan, pero di-hamak na mas matangkad pa



ang binatang nasa harapan niya ngayon. Pupusta siya, 6'5" ang height nito. Hindi na siya pandak sa taas na 5'5" pero tingin ni Aihla ay lumiliit siya kasama ang dalawang malalaking tao sa iisang silid. Mukhang kayang-kaya siyang buhatin ng lalaki gamit ang isang kamay.

Napadiin ang kagat niya sa pang-ibabang labi. Bakit hindi niya maalis ang mga mata sa lalaking ito? Kakaiba ang epekto nito sa kanya. His seething gaze alone was burning everything south of her waistline. Mariin niyang pinagdikit ang mga binti dahil sa pagsulak ng init sa katawan niya.

Tumikhim si Miguel kaya naputol ang pagtititigan nila ng binata. "Yvo, meet your new yaya, Audrina Casipil. Adeng, ang anak ko, si Yvo."

Muli siyang tumitig sa lalaki. Nag-focus ang utak niya sa nilalang na halos nilikhang perpekto. Bakit ganoon? Tila nagliliwanag yata ito? Bakit ang lusog ng kulay ng balat? Bakit kakaiba ang dating nito sa kanya?

"What!" hiyaw ni Yvo na nagpapatlag sa kanya. Nag-iba ang ekspresyon sa mukha nito at nagdilim ang mukha. "You can't be serious, Pa! Yaya? Ano'ng tingin n'yo sa akin, bata? And this woman here," turo sa kanya ng matikas na binatang nakatayo sa kanyang

harapan, “is a romantic, emotional, sentimental daydreamer! She will only drive me nuts! Tingnan n’yo siya, nakatulala at nakanganga pa rin sa hangin,” palatak nito.

Awtomatikong napahaplos si Aihla sa kanyang bibig. Nakanganga nga siya! Mabilis niyang itinikom ang bibig. Grabe, ang sungit naman nito! Hindi niya inaasahan ang mga narinig mula rito. Romantic, emotional, sentimental daydreamer?

“Yvo! That’s not how you speak to your yaya!” matigas na saway ni Miguel sa anak nito.

Umismid si Yvo. “So paano? Lambingan ko ang boses ko?” inis nitong sabat. “I do not wish to please you or this woman.”

“S-sandali lang po. Naguguluhan ho kasi ako. Siya ho ang aalagaan ko?” nanlalaki ang mga matang tanong niya kay Miguel nang mag-sink in sa isipan niya ang pinagtatalunan ng mag-ama. Si Yvo, itong ang laking mama na ito, ang aalagaan niya? Itong mama na ito na sobrang guwapo at bakat ang biceps at triceps sa braso? Sampung taong gulang na pilyong bata ang in-imagine niya kanina, hindi hunk na hitik sa katakam-takam na muscles ang katawan. Hindi ito ‘maliit’ na bagay lang! Ang laking bagay nito!

Umungol ang matanda na tila nakunsumisyon sa anak. “Wala nang iba, hija.” Tiningnan nito si Yvo. “Wala na tayong dapat pang pag-usapan, Yvo. Kung buhay lang ang mama mo, I’m sure she would agree to this. Ikinuha kita ng yaya dahil mukhang hindi mo naman kayang alagaan ang sarili mo. Remember what happened in Europe? You almost got yourself killed!

“That was an accident, Pa!”

“An accident that could’ve been prevented kung hindi lang matigas ang ulo mo at kung sana’y nakikinig ka sa akin. Sobrang tigas ng ulo mo, Yvo. Makinig ka naman. Tama na ang pagri-race. It’s high time you accept the presidency. Matanda na ako at ikaw lang ang magmamana ng kompanya natin.”

He laughed derisively. “Never, Pa. I don’t need your multi-billion worth of boring trash.”

“I only want what’s best for you, son.”

“And you think this is what’s best for me? Ang i-trap ako sa islang ito at ikuha ako ng yaya na hindi ko alam kung saang lupalop ng mundo galing at isang certified daydreamer?” Umungol si Yvo. “You can’t stop me from racing, Pa. Racing is my life. Nadidiktahan n’yo ako ngayon dahil sa sitwasyon ko.

I swear I'd leave this god-forsaken island if I could!"

Nagdilim ang mukha ni Miguel. "Well, too bad you couldn't, tapos ang usapan," anito, magaspang ang tinig. Binalingan siya ng matanda. "Adeng, ikaw na ang bahala sa anak ko. Marami pa akong aasikasuhin. Ipapatawag ka ni Melba anumang oras ngayong araw para ibigay sa iyo ang mga detalye sa trabaho at suweldo." Pagkasabi niyon ay tumalikod na ang ginoo at iniwan siya kasama ang suplado at mukhang may galit sa mundo nitong anak na kayangkaya siyang ibalibag gamit ang isang kamay.

Pumipintig ang mga ugat sa sentido ni Yvo. Tiyak na asar na asar ito. God, napaka-awkward at abnormal ng sitwasyon. Mahigit isang dekada na siyang nagtatrabaho bilang yaya, pero ngayon pa lang mag-aalaga si Aihla ng malaking mama at hindi siya naabisuhan man lang.

Parang nakita na niya ito noon. Hindi niya lang matumbok kung saan at kailan.

*"You can't stop me from racing, Pa. Racing is my life..."* nag-rewind sa utak niya ang litanya nito kanina.

Naalala na niya! Si Yvo Theo Verances! Ang mahusay at pinakasikat na F1 driver na naaksidente

kamakailan lang. Ang balita tungkol sa aksidente nito ang huli niyang nahagip sa telebisyon bago tuluyang nilamon ng takot ang buong sistema niya dahil sa masamang hangarin sa kanya ni Jin.

Pinagmasdan niyang maigi ang binata. Ang ganda ng hugis ng mukha nito na tila inukit nang maayos ang panga at sa tangkad nito ay nasisiguro niyang may lahi itong banyaga.

Nagsikip ang lalamunan ni Aihla nang biglang tumitig sa mukha niya si Yvo at nagtama ang kanilang mga mata. Bahagyang nagtagal ang tingin nito sa mga labi niya. She flushed. Lumakas ang tibok ng kanyang puso.

“Hindi ko kailangan ng yaya, Adel.” Matigas ang boses ni Yvo nang muli itong magsalita.

“A-Adeng po...”

He snorted. “Adel, Adeng—whatever your name is, wala akong pakialam. Hindi ako interesado sa ’yo. Just...” He gazed at her bottom lip again, “...get the hell out of here,” he snapped, oozing with cruelty.

# 4

“Malaki ang buwanang sahod mo, kompleto sa benefits. Wala ka na ring gagastusin sa pagkain. Dito na iyan. May 13th month pay ka at isang araw sa isang linggo ang day-off mo,” seryosong litanya ni Melba at iniumang sa kanya ang mga dokumento. “Pirmahan mo. Ang isang kopya, sa iyo na iyan.”

Hindi maitikom ni Aihla ang umawang na bibig habang tahimik na nakaupo kaharap ang mayordoma pagkatapos niyang mabasa ang halaga ng magiging sahod niya. Halos triple iyon sa regular niyang sinasahod bilang yaya! Kung magiging masinop lang siya ay makakapag-ipon siya ng malaking halaga. Malaking tulong na iyon sa kanila ng nanay niya.

Mabilis niyang pinirmahan ang dokumento. “A-ang laki naman ng sahod ko, Manang Melba...”

“Barya lang sa mga Verances iyan, Adeng. Manufacturer ng automotive vehicles ang kompanya nina Señor Miguel at nangunguna sa buong mundo. Kaya ngayon pa lang alam mo nang sobrang yaman ng mga amo natin dito. Itong isla nga ay isa lang sa daan-daang properties ng mga Verances.” Ngumiti ang mayordoma at kinalap ang mga dokumento sa

mesa. “Kaya pagbutihin mo ang trabaho mo. Kapag napaamo mo si Sir Yvo, may bonus ka pa. Sige na, puntahan mo na ang alaga mo.”

Tumango siya. Habang naglalakad sa corridor ay lumulutang pa rin ang utak niya.

Gumawa siya ng maikling listahan sa utak ng mga kapintasan ni Yvo:

1. Galit sa mundo
2. Galit sa yaya
3. Sa madaling salita, galit sa kanya

Ano ba ang magagawa nito sa kanya? Mukhang wala naman itong kakayahang manakit ng kapwa tao. Kaya na niyang tiisin kung sigawan man siya nito o pukulin ng masamang tingin.

Sa kabilang banda, may kabutihan at kagandahan din naman itong taglay:

1. Sobrang guwapo
2. Maganda ang hulma ng katawan
3. Katakam-takam

Teka, pulos kagandahang pisikal lahat iyon, ah? Wala siyang maisip na maganda sa ugali ng alaga

niya. Speaking of her alaga, nasaan na kaya ang lalaking iyon?

Patiyad niyang tinungo ang pribado nitong silid. Bahagyang nakaawang ang pinto. Dinig niya ang mahinang tugtugin sa loob—upbeat, sexy, and feral.

Sumandal siya sa pader at tahimik na sumilip sa loob. Tumahip ang dibdib niya nang makita ang binatang nag-eehersisyo. Nakahawak sa pull-up bar at nakabitin sa ere habang itinataas ang sarili.

Paano nito nagagawa iyon kung iniinda nito ang naging pinsala ng aksidente sa kaliwang binti?

Nakagat niya ang labi. Sinuyod niya ng tingin ang kabuuan ni Yvo. Basang-basa ito ng pawis. She bit her bottom lip so hard as she gazed mesmerized at his loose sweatpants, his freaking hot sex lines, his washboard abs, his chest, his neck, his eyes. Then suddenly he stared back at her. His eyes blazing, intimidating, and dangerous.

Nalulon niya ang puso at mabilis na nagtago sa likod ng pader. Tinatambol ang dibdib niya sa sobrang kaba. Nakita siya ni Yvo!

“Enjoyed the view, Yaya?” sigaw nito mula sa loob ng kuwarto.



Mariin niyang naipikit ang mga mata at binatukan ang sarili. Ano ba kasi ang pumasok sa isip niya at sumilip-silip pa siya sa silid nito? “Wala ho akong nakita, Sir!”

Halos atakehin siya sa puso nang bigla na lang sumulpot sa tabi niya ang binata. Hinatak siya nito sa loob ng silid at isinandal sa dahon ng pinto. “Wala talaga?”

Nangatog ang mga tuhod niya sa nerbyos. “W-wala po.”

Marahas nitong kinuha ang kamay niya at inilapat sa abs nito. “Touch it.”

Susmaryosep! Ang tigas ng muscles nito sa tiyan! Nanlalaki ang mga mata niya sa pinaghalong paghanga, pananabik, at kaba habang iginigiya nito ang kamay niya pababa pa. He stopped just a few inches above his V-line. Napalunok si Aihla.

“Not today, Yaya.” Binitiwang nito ang kamay niya at walang paalam na bumalik sa pag-eehersisyo. Tila siya binuhusan ng malamig na tubig sa ginawa ni Yvo.

---

Nakita ni Aihla na hirap sa paglalakad si Yvo

sa tabing-dagat. Bakas sa mukha nito ang tinitiiis na kirot. Sinabi naman ni Manang Melba ay pasumpung-sumpong na lang ang sakit at pagkirot sa kaliwa nitong binti. Mainit lang ang ulo nito kapag sumusumpong ang sakit at pangingilo, pero kapag wala naman ay tahimik lang ito. Totoo kaya? Parang mainit talaga ang dugo nito sa kanya.

Nagdalawang-isip siya kung lalapitan ang binata lalo na at nasisiguro niyang hindi siya nito gusto. Magmula nang dumating siya nang nagdaang araw ay makailang beses na niya itong nahuhuling sinusuyod siya ng tingin mula ulo hanggang paa na tila sinusuma nito ang kanyang kabuuan, pagkatapos ay iismid ito o bubulung-bulong. Yet every time he would catch her biting her underlip, he would freeze. Parang timang lang. Hindi naman yata binti ang labis na napinsala sa aksidente kundi ang utak nito.

Mayamaya lang ay malutong nang nagmumura ang lalaki. Tiim na tiim ang mga bagang nito at makulimlim ang mukha. Nanlaki ang mga mata niya nang makitang pinulot nito ang isang tipak ng sanga at pinaghahampas ang buhangin. Mistula itong batang nagta-tantrums dahil hindi nakuha ang gusto. Mabilis niyang nilapitan ang alaga. Wala siyang pagpipilian. Pinirmahan ni Aihla ang kontrata na nagtatalaga sa kanya bilang opisyal na yaya ni

Yvo bilang Yaya Adeng kaya kailangan niyang gawin ang trabaho.

“Sir Yvo, alalayan ko na ho kayo.” Sinikap niyang abutin ito habang ang isang kamay ay nakadipensa sa ulo niya sa takot na matamaan siya ng sanga na hawak ng nagwawalang binata.

Iwinaksi nito ang kamay niyang humawak sa braso nito. “Huwag mo akong hawakan!” asik nito sa kanya, nagkikiskisan ang mga ngipin. Pabalya nitong itinapon sa dagat ang sanga.

Nagulat siya pero pinilit niya pa ring pakalmahin ang sarili. “Hindi mo na kakayananing bumalik ng mansion nang mag-isa,” paliwanag niya.

“So? Problema ko na iyon. Puwede ba, umalis ka na. Kaya ko ang sarili ko. Huwag mo akong kaawaan!”

“Kaawaan?” Hindi niya napigil ang pagnulas ng tawang puno ng sarkasmo sa bibig niya. “Hindi kinakaawaan ang isang kagaya mo. Mas dapat kaawaan ang mga batang walang makain at palabuy-laboy sa lansangan.”

“Ang s’abi ko, umalis ka na,” masungit nitong usal.

“Yaya mo ako. Kailangang nasa tabi mo ako

parati.”

“Hindi ko nga kailangan ng yaya! Hindi ba kayang intindihin ng mapurol mong utak na wala kang lugar dito?”

Nakagat ni Aihla ang kanyang labi. Mapurol daw ang utak niya! Gusto na niyang magwala. Mas mapurol ang utak nito. Kung hindi ay wala sana ito ngayon sa isla at nagpapagaling. Inis niyang hinabol ang iika-ikang binata. Hindi niya napaghandaan ang bigla nitong pagkakadapa, kaya natumba rin siya at lumanding sa ibabaw nito.

“Get up! F\*ck!”

“Sorry po! Bakit kasi nadadapa ka na lang bigla?”

“Huwag mong ubusin ang pasensya ko! I can do really bad things even to a woman like you,” he threatened. Hindi na niya sinubukang tulungan pa si Yvo dahil sa talim ng ipinupukol nitong tingin sa kanya. Tiyak na gustung-gusto na siya nitong gilitan ng leeg at hatiin sa dalawa.

# 5

“Matigas ka rin pala, ’no?”

Napaigtad si Aihla nang marinig ang matigas na tinig ni Yvo. Kamuntikan na niyang maihagis sa kitchen sink ang inihandang chicken coleslaw at tomato juice para sa binata. “H-ho?”

The expression on his face was full of scorn. Lumapit ito sa lamesa at inabot ang pulang mansanas sa fruit basket. Sumandal ang binata sa fridge at kumagat sa prutas habang titig na titig sa kanya. Napatulala siya sa mga labi ni Yvo. She wanted to taste his lips more than the apple, especially when his tongue slid across his lower scrumptious lip. Ano kaya kung tikman niya ang labi nito?

Ipinilig ni Aihla ang kanyang ulo. Kung anu-ano na ang tumatakbo sa isipan niya.

“Gusto mo talagang maging yaya ko?” puno ng paghahamong tanong ng binata.

“Gusto ko lang magtrabaho,” diin niya. Ang totoo ay naghihintay lang siya ng kaunti pang panahon. Siguradong hindi pa tumitigil sa paghahanap sa kanya si Jin at nasa Cadiz Viejo lang ito. Kapag

nasiguro niyang safe na siya mula sa planong puno ng kalapastanganan nito sa kanya ay aalis na siya sa islang iyon. Sapat naman na siguro ang maiipon niya sa paninilbihan bilang yaya para makapagsimula sila ng kanyang ina.

“Okay.”

She gasped when he took sinful strides toward her. Nahigit niya ang paghinga nang walang babalang pumaikot sa baywang niya ang kamay ni Yvo, sabay hatak sa katawan niya padiin sa katawan nito. Diyos ko, he smelled so good! He smelled of strong sexual desire and sin.

“S-Sir, a-ano ho ang ginagawa n’yo?”

“Maganda ka pa naman, batang-bata, at mukhang inosente. Sayang ka. I’m a sicko, you know, and I have an insatiable sexual appetite for stubborn women,” paanas nitong bulong sa kanya; paos ang tinig, mabagal at malagkit. Napasinghap siya nang paraanan ng hinlalaki nito ang kagat-kagat niyang labi.

Malakas na singhap ang kumawala sa lalamunan niya nang lalo siyang hilahin ni Yvo palapit. She could feel the tip of her breasts pressing hard against his chest. Her peaks erected, for crying out loud!

“Audrina...” Idinampi ni Yvo ang mainit na mga labi nito sa punong-tainga niya. Kumalat ang init sa buo niyang katawan at naipikit ni Aihla ang mga mata. Strange but she wanted him to kiss her. Everywhere.

*Kiss me...*

Marahas na nagbuga ng hangin si Yvo at tila hirap na hirap ito nang ilayo ang katawan sa kanya.

Iminulat niya ang namumungay na mga mata.

“If I were you, kakaripas na ako ng takbo pabalik sa pinanggalingan ko. You’re not safe here,” he said coldly and gave her an almost lascivious grin. “Kung may pagpapahalaga ka pa sa katawan mo, layuan mo ako.”

Natulala si Aihla. Ano ang nangyari? Halos ihain na niya ang sarili sa lalaki. Bakit ganoon ang epekto nito sa kanya? Sobrang na-frustrate siya sa sarili. Hindi ba kayang analisahin ng utak niya na gustong warakin ng lalaking ito ang puri niya? Bakit tila ayaw niyang tumutol? Hindi pwede! Tumili siya nang ubod-lakas bago inundayan ng suntok sa kaliwang pisngi si Yvo.

“Bastos!”

Maganda ang yaya niya. Naalala niya ang unang araw nito sa isla at ipakilala ito sa kanya ng ama niya. She stirred up the sleeping fire in him simply because she was thoughtlessly biting her underlip! He met a lot of women before, bedded some—aggressive, liberated, and virgins, pero walang sinuman sa mga ito ang nakapukaw sa interes ni Yvo.

Alam niyang magiging problema lang ito kaya, mas mabuting umalis na ito ngayon pa lang. He didn't need 'distraction' now, at least not when he couldn't f\*ck right and especially not with Audrina. Yaya niya ito at isang hopeless romantic at sentimental fool. Wala sa sistema niya ang magpakaromantiko.

*That should do the trick,* sa loob-loob ni Yvo, hinihimas ang nagpasang pisngi. His nanny sure knew how to punch. Ang bigat ng kamay nito na parang may metal braces ang buko ng mga buto ng daliri. In fairness, nag-enjoy siya sa pananakot dito. The woman was clearly terrified! Pulang-pula ang mukha ng kawawa niyang yaya na tila nakalulon ng barakong sili.

Nag-enjoy nga ba siya sa pananakot dito o sa paglalapit ng mga katawan nila? He groaned and shook his head.



“O, Adeng, ano’ng ginagawa mo d’yan?” Nagtaka si Melba nang makita siya sa tabing-dagat at nakatanaw sa malayo kaya nilapitan siya nito.

“Uuwi na ho ako ng Mindanao, Manang.”

“Ha? Aba’y bakit? Kararating mo lang ’tapos aalis ka na agad? May nangyari bang masama?”

“Si Sir Yvo ho kasi, tinatakot ako...”

“Si Sir Yvo? Naku, ano na namang kabulastugan ang ginawa ng batang iyon?”

“Hindi na ho bata iyon, Manang,” ingos niya. “Ang laking tao niya. Bakit ho ba kasi kumuha pa si Señor Miguel ng yaya para sa anak niyang kaunti na lang naman ay lalampas na rin ang edad sa kalendaryo?”

“Eh, naging sobrang magulo ni Sir Yvo. ’Kuu, hindi naman siya ganyan noong nabubuhay pa ang mama niya, pero simula nang atakehin sa puso si Señora Beatrice at pumanaw ay nagpokus na sa pagkarera si Sir at maya’t maya na lang ay naaaksidente. Mabuti na lang at hindi napupuruhan. Nitong huli lang ay naaaksidente na naman siya sa Europe, kaya nagdesisyon na si Señor Miguel na mag-hire ng yaya para bantayan at alagaan si Yvo.”

Napatingin si Aihla kay Melba. “Sobrang close siguro ni Sir sa mama niya, kaya ang sama ng naging epekto sa kanya ng pagkawala ni Señora Beatrice.”

Bumuntong-hininga ang matanda. “Ay, sinabi mo pa! Hindi naman kasi close ang mag-ama at lagi pang nag-aaway. Paano ba kasi’y parehong matigas ang ulo. Iyang si Sir Yvo, ang daming gustong gawin sa buhay pero ang hindi niya alam, tunay at busilak na pag-ibig lang ang magpupuno ng kahungkagan sa kanyang dibdib. Hindi ang kabi-kabilang babae o ang halos pagbubuwis ng buhay.”

“Mas naiintindihan ko na ngayon si Sir Yvo, pero magri-resign pa rin ako. Wala akong talent sa pagma-matchmake kaya hindi ko mahahanap ang babaeng magpapadama sa kanya ng tunay at busilak na pag-ibig.”

Makahulugan ang ngiting iginawad sa kanya ni Melba. “Iginuhit na ng tadhana ang kapalaran. Hindi mo na siya kailangang hanapin, Adeng. Dumating na siya...”

Kumunot ang noo niya. Dumating na ang magpapaibig sa isang Yvo Verances? Nasaan na? Sino?

Nagbuga siya ng hangin. Hindi na niya problema

iyon.

“Buo na ang desisyon ko, Manang. Hindi ako ang tamang tao para sa trabahong ito. Hindi ko kakayanin ang isang kagaya ni Sir Yvo,” aniya. “T-tiyak na may darating pa naman,” makahulugan niyang dagdag na ang tinutukoy ay ang dapat at totoong yaya ni Yvo. “N-nasaan na ho pala si Señor Miguel, Manang, nang makapagpaalam naman ako nang maayos?”

“Naku, kaaalis lang noong isang araw. Nagmamadali at may pabagsak na bagyo rito sa atin.”

Nanlumo si Aihla at tinanaw ang nagkukulay abong kalangitan. Mukhang uulan nga. “Kailangan ko na palang magmadali bago pa ako abutan ng ulan! Nasaan na po si Mang Sebastian?”

Umiling lang si Melba. “Hindi ka aabot, Adeng. Babagsak na iyan,” anito, nakatitig sa mga ulap. “Ang nakatadhana ay nakatadhana,” dagdag nito.

“Ano po? Hindi pa naman sigu—“ Hindi natapos ng dalaga ang sasabihin dahil sa biglang pagbuhos ng malakas na ulan. Wala pang isang minuto ay basang-basa na siya.

Hindi makapaniwalang binalingan niya si Melba na tuyung-tuyo at nakasilong sa malaki nitong payong. Gusto niyang pumadyak. Bakit naman hinayaan lang

siya nitong mabasa, kasya ang tatlong tao sa ilalim ng payong nito!

“Huwag mo akong titigan nang ganyan, Adeng. Hindi ka kasi nakikinig sa matanda. Sinabi ko na sa’yong babagsak na, eh. Hala, pasok ka na at nang makapagpalit ka ng tuyong damit. Ipagpaliban mo na muna ang plano mo. Saka ka na mag-resign kung wala na ang bagyo.”

“Opo.”